AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 70**

**Pambungad**

*Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!*

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 70**

Theme: Mga Pamahiing Pilipino - Ang Kasal Ng Mga Tikbalang

Content Creator: April Grace M. Garcia

**ANG KASAL NG MGA TIKBALANG**

**WRITING PROMPT LESSON 70**

**---**

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan at dudugtungan! Alam niyo ba ang mahiwagang nilalang na tikbalang? Madalas kinakatakutan ang mga ito, pero sa ating kwento may espesyal na mangyayari, handa ka na bang matuklasan kung ano ito? Tara't ating alamin!

**II.Writing Prompt of the Day**

Ayon sa mga nakatatanda kapag nagsabay ang ulan at ang araw, ay may kinakasal raw na tikbalang. Hindi mo alam kung bakit nila ito nasabi pero ito'y tumatak sa iyong isipan.

Isang araw habang nagbabasa sa iyong kwarto, napansin mo ang biglang pag-ulan habang umaaraw. Naalala mo na naman ang sinabi ng iyong tatay tungkol dito maya-maya, nakita mo ang isang tikbalang mula sa bintana ng iyong kwarto, ito'y

naka-Barong Tagalog at tila nagmamadali. Sinundan mo ito matapos mong kumuha ng payong at nakita ang isang lugar sa kagubatan. Isa itong kasal! Malungkot na nakaupo ang lalaking tikbalang. Nilapitan mo ito at halata mong may problema ito. Napansin mo ring wala pang mga nilalang sa kasal niya. Iyong kinausap ang tikbalang at ayon sa kanya wala daw silang ni-isang bisita sa kasal. Anong maaari mong gawin upang mas maging masaya ang tikbalang sa araw ng kanyang kasal? Bigyan ng mas maraming detalye ang kwento!

•Ano ang itsura ng lugar na pagkakasalan ng tikbalang?
•Ano ang sasabihin mo sa tikbalang upang hindi na ito maging malungkot?
•Magiging bisita ka ba sa kasal ng mabait na tikbalang?
•Anong magiging hiling mo para sa pagsasama ng mga mabait na tikbalang?

**III.Teacher's Message**
Sagutin ang mga tanong upang mabuo ang kwento. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."